# Pinay Baby: Ika-8-bilyong tao sa mundo!




*Sundan sa p.2*

*Mahimbing na natutulog sa dibdib ng kanyang mommy si Vinice-- na maitatalang 8th billion baby sa mundo.*

# 'Omicron worst is over'

(UPDATE) THE Philippines has "passed" the worst of the surge in Covid-19 cases due to the BA.5 and the BA.4 subvariants of Omicron, an infectious disease expert said.

"We have passed the worst of the BA.5 and BA.4 subvariants, we have passed the wave of cases, and because of this decrease, there has been immunity against BA.5." Dr. Rontgene Solante said during a briefing on Thursday, October 11.

The cases are now stabilizing and have decreased in selected areas in the country, including in the National Capital Region, Cebu, Iloilo, Bacolod, and Davao, which had a "drastic" decrease in cases, Dr. Solante added/

Despite this, Solante warned that a possible uptick in the number of cases may be expected within the second to third week of November after the All Saints' Day and All Souls' Day long weekend.

Dr. Solante stressed that while case trends are stabilizing, is still "difficult" to predict if case decreases will continue until December this year.

The reason he explained is primarily because of the low booster vaccination rate among Filipinos and the possibility of newer Omicron subvariants entering the country, such as the BQ1.1 subvariant.

# Pautang ng SSS sa naupakan ni 'Paeng'

**ni LIZA FE BONETE --** Nabugbog ka ba nang husto ng bagyong 'Paeng'?

May alok na pautang na tatlong buwang advance pension para sa mga kuwalipikadong pensiyonado at kasapi ng Social Security System.

Ito ang sinabi ni Fernan Nicolas, SSS Vice President for NCR North Division and Concurrent Acting Head of Public Affairs and Special Events Division sa isang presscon kamakailan.

Pero hindi lahat ay pwede sa alok na ito ng SSS, paliwanag ni Nicolas, aniya ay doon lamang sa mga nakatira sa mga lugar na naideklarang nasa ilalim

*Sundan sa p.2*

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 7 | 10.00 | NOV. 14 - NOV. 20, 2022

# Bawal, ilegal! – CSC

## *... mag-solicit, tumanggap at magbigay ng pamasko...*

**ni GENE T. TAN –** Ipinaalaala ni Civil Service Commissioner Atty. Aileen Lizada na may dalawang batas na mahigpit na ipinagbabawal sa lahat ng taong gobyerno ang manghingi at/o kaya ay magbigay at tumanggap ng regalo, salapi o anomang bagay para sa selebrasyong tulad ng Christmas party at iba pang okasyon.

Tinukoy ni Atty. Lizada ang Republic Act 6713 na mas kilala sa tawag na An Act Establishing A Code of Conduct and Ethical Standards for Public Officials and Employees, at Republic Act 3019 o The Anti-Graft and Corrupt Practices Act.

Ipinaliwanag ni Atty. Lizada na ayon sa 2017 Rules on Administrative Cases in the Civil Service, ipinagbabawal ang sumusunod: "xxx"soliciting or accepting directly or indirectly, any gift, gratuity, favor, entertainment, loan or anything of monetary value in the course of one's official duties or in connection with any operation being regulated by, or any transaction which may be affected by the functions of one's office."

Ginawa ang batas, ayon sa komisyoner, upang hindi maabuso ang mga posisyong hawak ng isang opisyal o kawani ng pamahalaan.

Inihalimbawa ni Atty. Lizada ang sarili na kung humingi siya ng pabor sa isang may nilalakad na transaksiyon o may kailangang pirmahang dokumento, tiyak na ibibigay sa kanya.

Kung litson o pa-raffle para sa Pasko, tiyak na ibibigay kung hihingiin niya, sabi ni Atty. Lizada.



*Maiiwasan ba ang pagtanggap, pagbibigay ng pamasko?*

Kung noon na siya ay opisyal pa ng LTFRB, hindi siya makatatanggi ang isang bus, UV o taxi operator kung may hingiin siyang pabor.

"Matatakot sila (na tumanggi)," sabi ni Atty. Lizada/

Ayon sa RA 6713, multa na katumbas ng anim na buwang sahod o kaya suspensiyon ng hindi lalampas sa isang taon o tuluyang pagkatanggap sa trabaho, depende sa bigat ng paglabag, ang parusa sa mapatutunayang sumuway sa batas na ito.

Binabawalan ang lahat ng permanente o regular, kaswal, pansamantalang opisyal o kawani ng gobyerno.

Binanggit din ni Atty. Lizada ang Section 3(b) at 3 (c) ng RA 3019 na mahgipit na ipinagbabawal ang paghingi o pagtanggap ng anomang regalo, porsiyento, benepisyo o anomang pakinabang para sa sarili o sa ibang tao na may kaugnayan sa kontrata, transaksyon ng gobyerno o anong bahagi nito o kaya ay ang paghingi, pagtanggap ng anomang bagay, salapi o pabor kapalit ng pagbibigay ng permit, lisensiya o anomang konsiderasyon kaugnay ng kapangyarihan o posisyong hawak o may impluwensiya ang isang opisyal o kawani ng pamahalaan.

Pagkapiit ng hindi hihigit sa isang tao o mahigit sa 10 taon, o habambuhay na diskuwalipikasyong humawak ng kahit anong trabaho sa gobyerno ang parusa sa mapatutunayang lumabas sa RA 3019.

Dagdag na parusa pa ay ang pagkumpiska o pagbawi ng gobyerno sa hindi maipaliliwanag na kayamanan, ari-arian o salapi na hindi katumbas ng sahod o ibang legal na kinikita ng taong gobyerno.

'Wag abusuhin ang posisyon o kapangyarihang hawak sa gobyerno, paalaala ni Atty. Lizada.



**CSC Commissioner Atty. Aileen Lizada**

## Umulan ng Nutribun, ayudang pinansiyal sa kanyang kaarawan...

# HAPPY BIRTHDAY, SEN. IMEE MARCOS

**ni ELI TAPARAN –** Ibang klase ng ulan ang ibinuhos ni Senator Imee sa maraming luar na binisita niya para pasayahin ang mga naging biktima ng bagyong si 'Paeng.'

Bago ang birthday niya, namigay ng nutribun, financial assistance at iba pang biyaya ang senadora noong Huwebes, Nobyembre 10, sa Malabon City.

Sumunod na "nilusob" ni Ate Imee ang Cavite City, Noveleta at ilan pang lugar sa Cavite at nagpaulan uli ng nutribun, pambili ng kung ano-ano sa mga bata, matatanda at iba pang residenteng pininsala ni Paeng.

Mismong kaarawan niya, Nob. 11, nakipag-jamming siya sa Davao City, kasama si Vice President Sara Duterte at nakababatang kapatid, Presidente Bongbong Marcos -- na doon namigay rin ng nutribun sa mga bata, ayudang pera at iba pa.

Sa Noveleta, kasama si Mayor Dino Reyes Chua, tuwang-tuwa ang mga bata, matatanda at iba pang nabigyan ng nutribun, pera at iba pang biyaya na sabi ng senador, 'regalo' niya sa sarili ang pamumudmod ng ayuda sa mga sinalanta ng nagdaang bagyo.

Nakipagsaya rin si Sen. Imee sa mga residente at mga bata sa Cavite City na sinamahan ni Denver Reyes Chua na tumulong sa pamimigay ng nutribun at iba pang ayuda ng senadora.



*Mahigpit na yakap-kapatid ang ibiniga ni Vice President Sara Duterte kay Sen. Imee Marcos habang nakangiting nakamasid si Presidente Bongbong Marcos.*




*Natutuwang tinanggap ni Sen. Imee Marcos kay Noveleta Mayor Dino Reyes Chua ang kanyang birthday cake.*

Sa panayam ng ABS-CBN, sinabi niya na para na ring nagdaos siya ng 'children's party na pabirong sinabi, " ... ginawa ko nang children's party dahil baka sakali, alam mo na, pag maraming bagets, maging bagets na ulit. Feeling ko lang 'yun."

Sa tanong kung ano ang kanyang birthday wish, sinabi ng batambatang 67-anyos na senadora na sana, makabangon na sa kahirapan ang bansa, at ang panawagang tulungan ang Pangulo sa pagsisikap na malutas ang maraming problema ng bansa.

Sabi ni Sen. Marcos: "Higit sa lahat, bumagsak lahat ng mga presyo at huwag tayong haharap sa isang Paskong tuyo, wish ko lang."

Bakit nutribun ang paboritong ipamigay ng senadora, tanong ng isang Cavite reporter.

Noong panahon ng kanyang ama, dating Presidente Ferdinand Marcos Sr., iniuso ang pamimigay ng nutribun na punumpuno ng sustansiya na nagpalusog sa mga batang kulang sa nutrisyon.

Sa loob ng ilang araw, umikot bumisita ang senadora sa sa Zamobanga City at nagbigay-ayuda ng P20-milyon; P6-M sa Misamis Oriental at iba pang lugar sa bansa na silanta ng bagyo.

# Pinay Baby: Ika-8-bilyong tao sa mundo!

**BANTAYBALITA –** Maitatala ang sanggol na babaeng si Vinice Mabansag na ika-8-bilyong tao sa mundo nang isilang siya nitong Nob. 14 sa Dr. Jose Fabella Memorial Hospital sa Maynila.

Isinilang siya ng kanyang ina, si Maria Margarette Villorente, mula sa Tundo, bandang 1:29 ng madaling-araw, ayon kay Dr. Romeo Bituin, hepe ng medical professional staff ng Fabella.

Normal ang pagkasilang kay Vinice, na labis na ikinatuwa ni Villorente na maitatala ang kanyang sanggol na "8th billion baby" ng planetang Earth.

Simabi naman ni United Nations Secretary General Antonio Guterres na kahanga-hanga ang pagkasilang ni Vinice at ito ay dapat na ipagdiwang ng buong mundo.

Dalawang oras mula alas 11 ng Nov. 13 ay sabik na hinintay nila ang paglabas ni Viniice, sabi ni Dr. Bituin, samantala, buo ang pag-asa ni Lyneth Therese Monsalve, opisyal ng Commission on Population and Development na umaasa siya na mabibigyan ng lahat ng makakayang tulong sa pagpapalaki kay Vinice at iba pang sanggol na kasunod na isisilang tulad ng kalusugan, edukasyon, pabahay at iba sa kanilang paglaki.

# Mga produktong pampaganda mula sa tatlong uri ng tahong

**AGRI NEWS –** Ang Asian Green mussels o Perna Viridis, isa sa masustansiyang kabibeng dagat ay may malaking ambag sa paglago ng kabuhayan ng mga mangingisda sa Pilipinas.

Tinatawag sa lokal na pangalang "Tahong" (Green Lip Mussels), nakita sa mga pag-aaral na may taglay ito na mabisang sangkap sa mga produktong pampaganda.

Natukoy ito sa proyektong, "Extraction and Utilization of Mussel Glycogen under the Mussel Biotechnology Program" sa pamumuno ng University of the Philippines Visayas - Tacloban Campus na pinondohan ng Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development ng Department of Science and Technology (DOST-PCAARRD).

Kabilang din sa proyekto ang paggamit ng bahong (Mytella strigata) at abahong (Modiolus philippinarum).

Upang makabuo ng mga produktong pampaganda gaya ng 'cream' o pampahid, at sabon, kinuha sa tahong ang 'glycogen' at ito ipinoresoso na gamit ang makabagong kaalaman sa 'biotechnology.'

Sa laboratoryo, kinukuha ang 'nucleic acid' mula sa glycogen sa paraang Polymerase Chain Reaction o PCR.

Sa ginawang pag-aaral tungkol sa produksiyon, distribusyon at iba pang may kinalaman sa pagpapakilala nito upang tangkilikin ng publiko, nakita naa mataas ang Internal Rate of Return (IRR) na 193.95% at Benefit-Cost-Ratio (BCR) na 1.70.

# Pautang ng SSS... mula sa p.1

ng 'State of Calamity' ng National Disaster Risk Reduction and Management Council ng mga e Sangguniang Bayan/Panlunsod/Panlalawigan.

One-month salary credit naman an pwedeng makuha ng kuwalipikadong miyembro ng SSS -- na babayaran sa loob ng 24 na buwan.

Pinakamalaki na ang P20,000 ang mauutang ng isang kasapi ng SSS.

Magiging kuwalipikado lang sa pautang ay kung ang kasapi o pensiyonado ay nakapagbigay ng 36 na buwang kontribusyon.

Bago mag-apply sa loan assistance sa SSS, alamin muna kung deklarado na nasa "State of Calamity" ang inyong lokal na pamahalaan.

# Deputy Speaker... mula sa p.8

Sen. Cynthia A. Villar said the Stevie Award given to her daughter Camille is a testament to the care and compasion of her family to their constituents in Las Pinas City.

The young lady lawmaker established the "May Bahay sa Bakuna in 2021" to persuade reluctant Las Piñas City residents to get vaccinated against Covid by offering incentives such as participation in a raffle that gave away groceries, motorcycles, and a brand-new house and lot package to the winners.

Elder brother Sen. Mark Vllar said, I'm very proud of you, Camille. God bless."

# I-Tulfo, i-PAO na yang mga balasubas!

MGA single mother at father (din) na inabandona ng kanilang partner o asawa para solong alagaan, palakihin, pag-aralin ang kanilang (mga) anak, may matatabuhan na kayo.

Yes, hindi naman nanay lang ang iniiwan, kasi may mga tatay rin iniwan ng kanilang misis o partner --na may trabaho naman, nagagawang magsustento sa kanilang 'love' ngayon, pero ni isang kusing, ayaw magbigay sa kanilang mga dyunakis.

Balasubas, ang tawag sa kanila ni DSWD Secretary Erwin Tulfo, at sabi naman ni Public Atroney's Office ( PAO) chief Persida Acosta, sila na ang bahalang magtanggol sa mga nanay at tatay na iniwang luhaan at nakatanga at problemado arawq-araw kung paano pakakainin, bibihisan, ipagagamot, kakalingain ang kanilang mga bunga ng pagmamahalan.

Sinasabi ng Articles 195 ng Family Code of the Philippines at Republic Act 9262 or the Anti-Violence



SA TOTOO LANG!

by GENE T. TAN

Against Women and Their Children Act of 2004, inuutusan ang mga magulang na suportahan ang kanilang mga anak.

Sa Art. 194, sinasabi na ang "suporta" ay tumutukoy sa sustento sa araw-araw na buhay (ng mga Bata), kasama rito ang bigyan ng tirahan. pananamit, pagkain, atensiyong medikal, edukasyon, transportasyon, at iba pang pangangailangan ng mga bata.

Ang advise ni Sec. Erwin at ni PAO chief Acosta, lumapit lang sa DSWD o sa PAO office sa inyong city o municipality at dun, tutulong ang mga social welfare and PAO lawyers.

Unang dapat gawin, alamin kung nasaan at ano ang trabaho ng balasubas na tatay, at nang masulatan sila ng opis nina Tulfo at Acosta at "magdedemand kami , magdedemand kami na sustentuhan niya yung anak niya."

Pag ayaw, bahala na ang PAO, pati ang mga abogado ng IBP [Integrated Bar of the Philippines] sa inyong lokalidad para sila ang magsampa ng kaso.

i-Tulfo o i-PAO na natin ang mga basalubas na 'yan!

Teka, may bagong batas na inuutos sa mga LGUs, kasama ang Naic, siyempre, na lahat ng solo parent ay dapat nang tumanggap ng monthly P1000 subsidy, priority sa pagtanggap sa trabaho, priority na magkaroon ng murang pabahay mula sa National Housing Authority (NHA) at iba pang Expanded Solo Parents Act.

Ang kailangan lamang na mag-apply tayo ng Solo Parent Identification Card sa ating mga munisipyo... kaya, go, go na para ating ma-avail ang maraming benepisyo na kaloob ang batas.

@@@

Ina-assess na ng munisipyo ng Naic ang pinsalang inabot ng ating mga kababayan sa lupit ng bagyong Paeng na dinalaw at binigyang ayuda ni Mayor Raffy Dualan at ng MSWDO, MRRDMO.

Ilan sa mga inayudahan ay ang mga apektadong residente Barangay Balsahan, Sapa, Labac, Mabulo, Bancaan, Kanluran at iba.

Teka po, sabi ni DSWD Erwin Tulfo dapat na raw umaksiyon ang mga City and Municipal Sanggunian para gumawa ng resolusyon o ordinansa para masunod ang alituntunin ng Expanded Solo Parent Act na epektibo na nito pang Nob. 1.

Alam natin na maaksiyon ang Team Dualan nina Mayor Raffy at Vice Mayor Junio Dualan at Sanggunian para sa ayuda at pribilehiyong dapat na maibigay sa mga solo parents, kaya ngayon pa lamang, nagpapasalamat na kami rito sa BantayBalita.

Ayos, Uncle Eli Taparan!



*Kausap ni Naic Mayor Raffy Dualan (maysuot na facemask at sumbrero) ang ilang residenteng napinsala ng bagyong 'Paeng' -- na pinasalamatan ng maraming nabigyan ng ayuda at iba pang tulong ng pamahalaang lokal.*

# Walang sala si Chief Justice Renato Corona!

'YUNG188 na kongresista na umusig, at 20 senador nagpatalsik kay dating Supreme Court Chief Justice (CJ) Renato Corona noong 2012, mayroon na bang nagpaabot ng 'sincere apology' at paghingi ng 'Sorry po" sa pamilya Corona?

'Yung Rappler, at iba pang mainstream media na naglathala at nagpakalat ng 'misinformation' laban kay CJ Corona, ano na -- aaminin ba nyo na nagpagamit kayo sa personal vendetta ng yumaong dating Presidente Benigno 'Noynoy' Aquino 3rd para masibak ang inosenteng punong mahistrado?

Isang senador noong 2012 --na nahalal uli -- ang umamin sa kanyang privilege speech na pinakiusapan siya ni Noynoy na bumoto para sibakin sa SC si Corona kapalit ng ano?

Maugong na pinag-usapan na tumanggap ng daan-daang milyong taxpayers money ang mga bumoto na sipain si Corona dahil sa desisyon na nag-uutos sa pamilya Cojuangco-Aquino na ibigay na ang libo-libong ektarya ng Hacienda Luisita na inilibre ni dating Presidente Tita Cory sa comprehensive agrarian reform law.

Tatlo sa nakaupong senador noon ang tumangging sibakin sa SC si Corona --kapwa yumaong Senador Joker Arroyo at Miriam Santiago at noon ay senador at ngayon ay nakaupong Presidente Bongbong Marcos Jr.

Nang palayasin si Corona, inusig siya sa Ombudsman at pinaratangan na ill-gotten wealth o kayamanang nakuha sa masamang paraan ang P134 milyon, pati ang depositong US dollars at ang P17.5 milyong ari-arian niya at ng pamilya ng kanyang maybahay.



AY, BUHAY

by Liza Fe BONETE

Mali, walang katotohanan ang mga akusasyon laban kay CJ Corona, sabi sa desisyon ng Sandiganbayan -- na sinabi: lahat ng pera at ari-arian ni Corona ay 'legally acquired'.

Ibig sabihin, walang nalabag na batas si Corona sa natamong kayamanan.

Kung hindi naideklara ni Corona sa kanyang SALN ang ibang halaga at ari-arian, hindi ito basehan para sabihin na nakuha ang kayamanan sa sa ilegal na paraan.

Sabi ng Sandiganbayan: ": "Such innocuous mistakes [of failure to declare assets] may be addressed by the customary corrective action enabled by Section 10 of RA 6713, as in this case."

Sabi pa ng anti-graft court: "While the SALN is an instrument that ensures accountability, the review and compliance procedures work as a buffer that prevents the haphazard filing of actions against public officials and employees."

Walang intensiyon si Corona at ang kanyang pamilya na itago ang hindi naideklarang kayamanan, at ang mga iyon ay natamo mula sa naibentang ari-ariang namana ng maybahay ni CJ Corona mula sa kanyang mga magulang.

Lehitimo, walang nakaw o kayamanang mula sa ilegal na paraan ang pamilya Corona.

Absuwelto si Corona at pinahid, binura ng Sandiganbayan ang mali, kasinungalingang paratang, peroy hindi matitikman ni Corona ang tamis ng tagumpay na ito sa kinahihimlayang libingan.

Ngayon, sobrang tahimik ang 20 senador at 188 kongresista at ang Ombudsman na humiya, umusig at nagpatalsik kay Corona at sa kanyang pamilya.


Tahimik si Rappler founder-CEO Maria Ressa at iba pang journalist na "kumatay" kay CJ Corona.

Sa hatol ng Sandiganbayan, hindi 'impeachable offense' ang di-sinasadya o nakaligtaang paglalagay ng iba pang kayamanan o ari-arian sa SALN dahil maiwawasto ito -- kung isa ngang pagkakamali.

Sino ang unang sisigaw ng "Sorry po!" sa pamilya Corona?



**CJ Renato Corona: Biktima ng personal vendetta**




Mendez-Nunez Mayor Cocoy Mendoza




# Tara, magpasyal na kayo sa Mendez-Nunez!

**DOMZ B. CAOILE --** 'WAG nang lumayo pa kung nais ipasyal ang mga bata para makakita at mapasaya na makakita ng mga mailap (wild) na hayop sa gubat.

Sa Mendex-Nunez, Cavite, isa sa paboritong pasyalan ay ang Paradizoo, na makikita ang iba-ibang hayop gubat, bukod sa may magagandang hardin, kainan at mabibilhan ng pasalubong.

Hindi lang 'yon: malamig ang klima sa Mendez-Nunez: palakaibigan ang mga residente rito, maraming mabibiling sariwang gulay at prutas sa palengkeng bayan, at malilinis na restoran at kapehan, sabi ni Mayor Cocoy Mendoza na isa sa kanyang prioridad ay mapasigla ang turismo sa munisipalidad.

Sa munisipyo, ibinawal ng alkalde sa mga opisyal at kawani na magsimangot kungdi laging ngumiti at masiglang harapin ang mga pangangailangan ng mga taong may nilalakad, may transaksiyon o iba pang opisyal na gawain sa pamahalaang lokal.

"Tayo ang public servant, di tayo ang amo... ang trabaho natin ay magserbisyo at magsakripisyo pagkat tayo tagapaglingkod sa tao," laging paalaala ni Mayor Mendoza sa mga taong munisipyo.

# Responsableng Serbisyo: Tatak ni Mayor Randy Salamat

**BANTAYBALITA Central Desk --** Nitong nakaraang Oktubre 8, naitatak ang maraming mabubuting nagawa sa unang 100 araw ni Mayor Randy Salamat, kaya maituturing na ang Alfonso ay isa sa progresibong munisipalidad ng Cavite.



Tunay ngang 'responsableng serbisyo' ang naramdaman ng mga Alfonseno sa unang termino ni Mayor RS kaya muling itiniwala sa kanya ang pananagutang lalo pang paunlarin ang munisipalidad.

May libreng paanakan sa Barangay Mangas II, may community hospital pa.

May dialysis center, may evacuation facilities na, may Day Care pa sa mga musmos na Alfonseno.

May kapansanan ka, may maagap na tulong na prosthetic na paa, kamay, wheelchair, ayudang pagkain, gamot, bitamina, salaping pambili sa iba pang pangangailangan ng mga maysakit, senior citizens, solo parents, at iba pa.

Mapagkupkop ang gobyernong Salamat sa mga biktima ng nakaraang pag-aalburoto ng Bulkang Taal, kaya naman matatag at buong-buo ang pagkakaibigan ng mga taga-Alfonso sa katabing Batangueno.

Malaking ambag sa revenue ang paglago ng turismo kaya ito ngayon ang tinututukan ni Mayor Salamat pagkat tunay ngang kaibig-ibig na lugar pasyalan ang Alfonso.

Upang mapanatili ang likas na ganda ng mahalaman, makahoy at malamig na kultura ng Alfonso, naitakda ang comprehensive land use plan ng bayan, ito ay sa layunin ngang mapangalagaan at mapalago pa ang kayamanang likas na ganda ng bayan.

Ngayon, isa ang Alfonso sa magnetong humihikayat sa mga lokal at dayuhang turista na kakaiba nga ang madarama ng maaakit na bumisita rito.

Bukod sa mapagkaibigang ugali ng mga Alfonseno, madarama nga ang kaibig-ibig na kapaligiran ng bayan, iba ang klima rito kaya naisulat ni Marge Enriquez ito noon: Alfonso in Cavite: Feel like Vancouver.

Isa sa pinakamalinis, may pinakamagagandang klima sa buong mundo ang Vancouver City sa British Columbia, Canada -- at mabanggit na kung nasa Alfonso ka, 'feeling' nasa Vancouver ka na.



Huwarang ama ng bayan, kapiling maybahay niyang si Ma'am Leslie at si baby Laira

Mayroon ditong Sonia's Garden, Academy of World Healing, Reptiland Adventure, Ginger Bread, Island Rose at iba pang pasyalang sa unang pagbisita ay aakitin kang muling balik-balikan.

Ang magagandang akomplisment sa unang termino ni Mayor RS ay lalo niyang pinagbubuti katuwang ang kanyang mapagkakatiwalaang kasama sa munisipyo na ang target ay mapaunlad ang sosyal at ekonomikong kaunlaran ng mga Alfonseno.

Mataas ang kumpiyansa ng alkalde na magagawa pa niyang mapagbuti ang nagawa niya sa nakaraang unang 100 araw.

Kilala ang Alfonso na isa sa pinakaproduktibong taga-suplay ng palay, gulay, prutas at maging ng livestocks.

Sinisikap ni Mayor Salamat na maging isa sa 'vegetable and fruit basket' ng Cavite at Metro Manila ang Alfonso; patuloy rin ang patubig sa 32 barangay; serbisyong medikal, dental at vaccination drive laban sa pandemyang Covid-19.

Patuloy ang proyektong impraestruktura, pagpapaganda ng mga gusali at pasilidad publiko, palengke,at pagpapasigla sa mga kilusang magsasaka, entrepreneur, negosyante at insentibo sa pag-akit ng investor na tutulong sa pangangalaga sa kalikasang yaman ng Alfonso.

Prioridad nga ni Mayor Salamat ang agrikultura at matiyak na may pagkain sa mesa ng pamilyang Alfonseno kaya lagi nang may tulong ang munisipalidad sa mga magsasaka, magtatanim sa pamimigay ng mga binhi, seminar, pagsasanay at pagtuturo ng makabagong paraan at teknolohiya sa pagpapasagana ng aning-bukid.

"Kapakanan ng ating agriculture industry, the welfare of our farmers ay isa sa ating priority," ito ang langing mensahe ng alkalde ssa mga kababayan.

Isa ang Cavite sa pinakamabilis at lumalagong ekonomiya sa Timog Luzon at kaya mataimtim ang pagsisikap ni Mayor Randy Salamat na makaakit ng investment at negosyong mag-aangat sa buhay at kabuhayan ng mamamayang Alfonseno.




Nakapokus din siya sa peace and order ng bayan at mga gawaing kontra kriminalidad pagkat paano gagaan ang kilos ng buhay, negosyo at kaunlaran kung laging may gulo at walang kapanatagan,

Sa susunod pang mga buwan at taon, buo ang kumpiyansa ni Mayor Randy Salamat, maipagpapatuloy niya ang panatag na takbo ng buhay sa Alfonso at magagawa niyang mabigyan ng maraming oportunidad sa trabaho ang mga kababayan tulad ng Mega Job Fair, medical mission, tulong kabuhayan, masinop na paglikom at paggastos sa buwis at iba pang responsableng serbisyo sa mamamayang Alfonseno.



Yan ang paanakan ng Alfonso, isang halimbawa ng responsableng serbisyo ni Mayor RS

AWS

ALFFEJEN WATER SERVICES

ALFFEJEN Water Purifier Installation Services is a registered service that install a quality Commercial, Industrial and Residential Water Treatment System, whether it is a Deepwell or Water District Source. We install Reverse Osmosis System, Water Filtration System, Alkaline Drinking System and Water Refilling System Nationwide.

Through AWS skilled team, quality products, excellent service and great - after sales,we can firmly assure that our clients receive a pure,safe and clean water.

For further information,kindly message us on our FB page: ALFFEJEN WATER SERVICES, or you may contact also at these numbers:09279182878 /09668963151

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1.
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
Phone: 09274890759 / 09289406369
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com


**Publisher:** HENRY E. CAOILE
**Editorial Consultant:** ELI TAPARAN II
**Executive Editor:** DOMZ B. CAOILE
**Special Projects Director:** ADELA R. ZAMORA
**Circulation Manager:** LIZA FE BONETE
**Contributing Writers:** NOLI LIWANAG, LUKAS DA SILVA, GENE T. TAN, ED 'MUTO' G. CUENCA
**Art & Production Manager:** ART BEJASA

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

# Gaganda, Uunlad ang Bacoor sa Twin Reclamation Projects!



**Here n There**

**ni ELI TAPARAN ii**

BAWIIN kaya ng Environmental Management Bureau (EMB) ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) ang permit para sa dalawang reclamation projects ng aming siyudad ng Bacoor, kasi galit, kasi ayaw ni Sen. Cynthia A. Villar?

Malutong na parang balat ng litsong baboy ang murang tinanggap ng mga opisyal ng DENR sa senadora, kasi raw pag natuloy ang reclamation project, magbabaha raw ang mga ilog ng Las Pinas City.

'Tang'na nyo, sabi ni Aling Senadora.

Aba, kung ako 'yung taga DENR at EMB, mangangatal ako sa takot, hhehehe, joke.

Now, yung project ng Bacoor City na 320-hectare islands, at ng Diamond Reclamation and Development Project (DRDP) na aabot sa 00-hectare island via Public-Private Partnership sa PPP Code of Bacoor ang pag-usapan natin.

Naka-attend pa ako ng presscon noon ni former Mayor Ate Lani Mercado-Revilla bago ako lumipad pa-Vancouver, January yaya yun.

Maraming proyekto ang magagawa pag naituloy ang reclamation projetcs, sabi ni Ate Lani, tulad ng madalas maranasang flash floods sa siyudad; maglalagay roon ng relocation and resettlement ng mga pamilyang umiskwat sa 10 barangay sa tabing dagat ng Bacoor.

Katuwang ang Department of Public Works and Highways (DPWH), aayusin ang lagusang tubig sa sahod-ulan na proyekto ni Congressman ngayon ay Imus City Mayor Alex Advincula sa Barangay Buhay na Tubig.

Kaya yung pangamba ni Sen. Cynthia, ayon sa sinabi noon ni Ate Lani na ngayon ay kongresista ng Bacoor, hindi mangyayari, kasi nga, aayusin ang problema ng pagbaha ng DPWH.

Bago binalak ang proyekto, kinausap ni Ate Lani at noon ay kongresman Strike Revilla -- na mayor ngayon ng Bacoor -- ang mga apektadong residente, mga fisherman, mga iskwater, mga concerned citizens at iba pa.

Ok, aprub sa kanila ang twin reclamation projects!

Pero kay Madam Senadora Cynthia, hindi ... ano kayong taga-DENR, EMB, pag hindi nyo raw ipinatigil ang proyekto, ay naku, lagot, makakaltasan ang inyong 2023 budget, sige kayo.

Sabi pa ni Ate Lani, aayusin ang Fisherman's Wharf sa aplaya ng Barangay Sineguelasan at hindi lang payayamin kungdi palalawakin pa ang 40 ektaryang bakawan -- na santuwaryo ng mga isda, at iba pang likhang-dagat sa Bacoor Bay.

'Yon naman pala, nanay Cynthia, maganda ang proyekto, kaya plis, wag mo nang bantaan ang DENR, EMB at ang pamilya Revilla.

Saka, libo-libong trabaho, hanapbuhay at iba pang mapagkakakitaan ang maibibigay sa mga tambay, skilled workers at iba ng reclamation projects.

Natatandaan ko, sabi ni Ate Lani, kapos sa lupa ang Bacoor at kailangan talaga ang proyekto, para sa pabahay at plano na pagtayuan ng iba pang local at national agency ang maidaragdag na ektaryang lupa na masasakop ng Bacoor.

Saka, iyon daw proyekto ay magpapabilis sa pagsunod ng lokal na pamahalaan ng Bacoor sa mandamus ng Supreme Court para malinis ang tubig ng Manila Bay.

OK yun, kasi ang dumi ng Bacoor Bay -- noong tinedyer pa ako, ay 30 minutes lang kumapa-kapa, magtapak-tapak ay ilang batyang halaan, alimasag, batotoy at iba lamang-dagat ang naiuuwi ko.

Ang ilog noon, kay-yaman sa alimango, paros, lukan, sugpo, suwahe, mga ligaw na isdang dagat ang nasasalok namin sa baklad o nabibingwit,puwera pa ang talaba na sa batuhan, kung saan-saan nakakapit at nagsisilaki.

Sabi ni Ate Lani, mai-improve ang kalidad ng tubig-dagat at tiyak, magiging masagana ang huli ng mga mangingisda,



**Congresswoman Lani Mercado-Revilla**



**Senator Ramon 'Bong' Revilla Jr.**



**Senator Cynthia A. Villar**

at maraming Pinoy ang makikinabang.

Ayaw ba ito ni nanay Cynthia, ay wag naman sana siyang magmura kung ituloy-tuloy ng Bacoor LGU ang twin reclamation projects.

` Saka po, yung proyekto, madam senadora ay tugon at pagsunod sa utos ng SC sa DENR sa iba pang ahensiya ng gobyerno at LGUs (kasama rito ang Las Pinas, Deputy Speraker and Las Pinas City Congresswoman Camille Villar) na ang sabi, "xxx to clean up, rehabilitate, and preserve Manila Bay, and restore and maintain its waters to make them fit for swimming, skin-diving, and other forms of contact recreation."

Susundin na ng DENR at ng EMB ang atas Korte Suprema na gawin na, noon pa, ang Operational Plan for the Manila Bay Coastal Strategy (OPMBCS) para sa relokasyon, paglilipat ng mga establisimyento, iskwater at iba pang estruktura sa tabing-ilog, tabing-dagat at mga water ways?

O sa takot kay Senadora Villar, babawiin na ang ECC sa proyektong reclamation ng Bacoor, ay kung ako ang tatanungin, mas susundin ko ang SC kasya banta ni Madam Cynthia.

Kung tama ang pagkatanda ko, ito ang sinabi noon ni Mayora Ate Lani sa presscon na iyon sa cityhall, na kung nabigo ang nakaraang administrasyon sa rehabilitation ng Manila Bay sa nakaraang administrasyon, inaasahan niya na mangyayari na ito ngayon.

Sinimulan na nga ito ng Dolomite Beach ni Tatay Digong Duterte at tiyak, ituituloy ito ni Presidente Bongbong Marcos.

Teka, wala pa akong naririnig na reaksyon ni Kabayang Bong Revilla sa 'Tang'na' na naibulalas ni Senador Cynthia -- na OK lang naman 'yon, kasi nga, pag natuloy raw ang reclamation project, masasayang lang ang pagpapagod niya namaayos ang mga ilog, waterways ng Las Pinas.

May katwirang magalit si Madam Cynthia, hala.

Sige, next issue at maghihintay tayo sa iba pang reaksiyon sa isyung ito.

Any violent reactions, eto po ang email address ko: taparaneliseo@gmail.com at lukasdasilva990@gmail.com

Ano, reaksiyon na kayo, mga kabayan.

Samantala, mag-eenjoy muna ako sa malamig na klima ngayong winter na rito sa City of Burnaby, BC Canada, babu.

# DAR support services sinanay sa online seminar

**ni NOLI LIWANAG –**

Sumailalim sa tatlong araw na online seminar ang support servicces ng Department of Agrarian Reform (DAR) para maturuan ng mga bagong kaalaman at kasanayan na kanila namang ibabahagi sa mga magsasakang benepisyaryo sa buong bansa.

Sinabi ni Agrarian Reform Secretary Conrado Estrella III na16 na Project Management Service staff at 15 na kinatawan ng DAR regional offices sa buong bansa ay sinanay sa "Financial and Economic Analysis of Project for Program Beneficiaries' Development" na sinimulan nitong Nobyembre 14.



**DAR Sec. Conrado Estrella III**



**DAR Usec Milabel Cristobal**

Itinuro sa online seminar -- na pinamunuan ni DAR UnderSecretary for Support Services Atty. Milagros Isabel 'Milabel' Cristobal -- ang kasanayan sa paggawa ng financial at economic analysis na tutukoy sa mga epekto ng mga proyekto ng kagawaran para sa mga magsasakang benepisyaryo.

Sa seminar, tinukoy ang mga proyekto na tutulong upang maitaas ang uri ng trabaho at kabuhayan ng mga magsasakang-benepisyaryo.

Nalaman na at naitakda na ang mga solusyong gagawin kung bakit nabigo ang ilang proyekto ng DAR para sa mga benepisyaryo.

Bago ginanap ang seminar, nagpaalala si Sec. Estrella sa mga lalahok sa tatlong araw na online seminar na pag-aralang mabuti ang pagpapabuti sa mga disenyo at pagpapatupad ng proyekto.

"Inyong tukuyin ang mga proyekto mas makikinabang ang ating agrarian reform beneficiaries (ARB)," sabi ni Estrella.

Itinuro sa seminar ang mga paraan sa epektibong pagsusuri ng mga impormasyon sa pananalapi at maunawaan ito kung paano makatutulong sa ekonomya ng mga magsasaka at ng komunidad.

Ngayong natapos na ang tatlong araw na pagsasanay (Nob. 14015-16), ibababa ng DAR support services sa mga magsasaka at komunidad ang kasanayang matutunan sa upang maturuan ang mga magsasaka ng mabubuting diskarte sa paghawak ng salapi at kaalaman sa agrikultura para maiahon ang kani-kanilang pamilya sa kahirapan.




SALAMAT kapitbahay: Pinasalamatan ni San Juan Mayor Francis Zamora sina Hans at Gina Tan, may-ari ng Luxury Cars Manila sa paglikom ng P300,000 na ibibigay na fonasyon sa Little Sisters of the Abandoned Elderly sa Barangay Tibagan.

Kamakailan, nagdaos ng isang palabunutan na ang pinakamalaking premyo ay ang nakalarawang pulang Mini Cooper.

"Pagpalain nawa kayo ng Diyos. God bless your kind hearts Hans and Gina and Luxury Cars Manila," sabi ng alkalde ng Lungsod ng San Juan sa kanilang malasakit sa kapwa.

Ayon kay Mayor Zamora, ang kinita sa palabunutan ay donasyong cash na P300,000 at iba pang bagay para sa araw-araw na operasyon ng The Little Sisters of the Abandoned Elderly.

Sabi ni Mayor Zamora, isang maka-Diyos na gawain ang magmalasakit at kumalinga sa mga inabandonang matatanda./ **ARZamora**

### EXTRA-JUDICIAL PARTITION OF THE ESTATE OF THE LATE COSME RODRIN

NOTICE is hereby given that the estate of the late **COSME RODRIN,** who died intestate on June 3, 1991 at Banaba Lejos, Indang, Cavite, left a parcel of property, not conjugal in nature, situated at Banaba Lejos, Indang, Cavite and embraced in Tax Declaration nos. AA 10 0008 00420 Lot 8887 PART Cad 459-D containing an area of 875 square meters, were Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jose R. Bawalan, under Doc. No. 97, Page No. 20, Book No. XXIV, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 31, NOVEMBER 7 & 14, 2022**

### EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH WAIVER OF RIGHTS

NOTICE is hereby given that the estate of the late **NELIA DELA CRUZ ONG,** who died intestate on September 4, 2021 in Caloocan City, left a parcel of land situated in the Municipality of Carmona, Cavite containing an area of Two Hundred (200) Square Meters, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jose R. Bawalan, under Doc. No. 174, Page No. 35, Book No. XXIV, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 7, 14 & 21, 2022**

### EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE YVES CARLO VIRATA LUZON

NOTICE is hereby given that the estate of the late **YVES CARLO VIRATA LUZON,** who died on August 17, 2022 at Asia Medic Family Hospital and Medical Center, Dasmariñas City, Cavite, left a motor vehicle, Make: TOYOTA, Year Model: 2017, Series: AVANZA 1.3E AT, C.R. No. 272584933, Motor No. 1NRF239822, Chassis No. MHKM5EF2FHK007488, Plate No. NAG 3696, MV File No. 1301-00000866296, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan, under Doc. No. 157, Page No. 33, Book No. XXI, Series of 2022.
NOVEMBER 14, 21 & 28, 2022

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 14, 21 & 28, 2022**

### AFFIDAVIT OF SELF-ADJUDICATION BY SOLE HEIR

NOTICE is hereby given that the estate of the late **ABELARDO VILLANUEVA TOLENTINO,** who died intestate on June 7, 2022 in Olongapo City, Zambales, left a parcel of land with improvements that is situated at Brgy. De Ocampo, Trece Marites City, Cavite, covered by Transfer Certificate of Title No. 077-2016002924 containing an area of 94 square meters, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jose R. Bawalan, under Doc. No. 311, Page No. 63, Book No. XXIV, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**OCTOBER 31, NOVEMBER 7 & 14, 2022**

### EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE LEON ROBIN TEGIO

NOTICE is hereby given that the estate of the late **LEON ROBIN TEGIO,** who died intestate, without Will or Testament, and without any outstanding debts in favor of any person to entity, left a motor vehicle, Make: KAWASAKI, Body Type: MC, Serial/Engine No. BC175AE21387, Plate No. 6050LJ, Chassis No. BC175H-B48628, C.R. No. 1592868842, O.R. No. 78736943, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan, under Doc. No. 152, Page No. 32, Book No. XXI, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 14, 21 & 28, 2022**

### EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE TESSIE L. RODRIGUEZ WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

NOTICE is hereby given that the estate of the late **TESSIE L. RODRIGUEZ,** who died on February 26, 2021 at 2389 Cabrillo Dr, Hayward, CA 94545 USA, left a certain house and lot situated in Brgy. of Burol, City of Dasmariñas, Prov. of Cavite, covered by Transfer Certificate of Title No. 057-2014079964 containing an area of One Hundred Seventy-One (171) square meters, was Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Elpidio M. Paligutan, under Doc. No. 83, Page No. 18, Book No. XX, Series of 2022.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**NOVEMBER 14, 21 & 28, 2022**

## *Butil-butil na kasaysayan*
# Gen. Jose Ignacio Paua


GEN. JOSE. IGNACIO PAUA

BIHIRANG mabanggit si Heneral Jose Ignacio Paua sa mga kilalang bayani ng ikalawang Himagsikan 1898 na nagsakripisyo para makamit ang Kasarinlan ng Pilipinas.

Purong dugong Chino si Paua (April 24, 1872 –May 24, 1926) na lumikas, kasama ang kanyang tiyo patungong Pilipinas mula sa probinsiya ng Fujian, China noong siya ay 18-anyos.

Nakarating ang magtiyo sa Binondo noong 1890 at nagtrabaho sa pandayan, at nang lumaon ay naging , naging experto si Hou Yabao sa paggawa at pagkukumpuni ng iba-ibang uri ng armas pandigma.

Sa panahon ng rebolusyon, ipinakilala si Hou -- na bininyagan sa pangalang Jose Ignacio Paua -- kay Gen. Emilio Famy Aguinaldo ng kaibigan niyang si Hen. Pantaleon Garcia at sa pagsapi sa Katipunan, siya Paua ay nadesitno sa pagawaan ng mga armas ng mga Katipunero.

Nagpakita ng tapang at gilas sa giyenra sa Labanan sa Binakayan (Kawit, Cavite), itinaas sa ranggong Kapitan si Paua at noong Setyembre 26, 1898, hinirang siya ni Aguinaldo na heneral ng Himagsikan.

Malaki ang naitulong ni Paua sa paglikom ng salapi mula sa kaibigang kapwa Instik (Chino) para maitustos sa maraming pangangailangan ng hukbong armado ng rebolisyon, at sa tulong na rin ng iba pang Chinong panday (blacksmith) gumawa sila ng baril, mga bala, nagkumouni ng mga sirang riple at iba.

Kilala sa nakataling mahabang buhok na parang buntot ng baboy, marami pang labanan ang napagtagumpayan ni Paua para sa kalayaan; at katuwang ang mga kapwa Chinong katipunero, gumawa si Hen. Paua ng mga kanyong kawayan para pasabugin ang puwersa ng kaaway sa digmaan.

Pinutol ni Paua ang pigtail nang ideklara sa Kawit ang Kasarinlan ng Pilipinas noong Hunyo 12, 1898.

Nakipaglaban rin si Hen. Paua sa digmaan ng Filipino laban sa mananakop na Amerikano.

Matapos ang giyerang Pilipino-Amerkano, nagpakasal siya sa isang Pilipina sa Albay, at naging alkalde sa bayan ng Manito.

Dalawang monumento ang itinayo para sa kanyang dangal, isa ay sa Albay at ang isa ay sa Silang, Cavite.

# P251M halaga ...

*mula sa p.8*

ng malaking halaga ng shabu ng mga pulis na nagpanggap na tulak ng ilegal na droga sa nagtiwalang mag-asawa sa isang lugar sa Barangay Buhay na Tubig, sa Imus City.

Dala ang markadong pera at budol na pambili, nakipagkita sina Sampulna sa mga tauhan ng PDEG, bandang 7.30 ng gabi sa n Block 1, Lot 66, Happy Homes sa naturang barangay.

Nang matiyak na droga nga ang ibinebenta, inaresto ang mag-asawa na dala ang 37 kilo ng hinihinalang shabu.

Kinasuhan na ang mga suspek sa kasong paglabag sa Comprehensive Dangerous Drugs Act at napipiit nang walang inirekomendang piyansa.

# OK 'YAN, PRESIDENT BONGBONG



**REVANZE**

by Domz B. CAOILE

NOB. 8, Biyernes, nakiusap si President Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. ang China na sumunod sa international law tungkol sa mga tuntunin sa kilos at gawaing kaugnay ng South China Sea -- na noong panahon ni dating President Noynoy Aquino 3rd ay nagsabatas na tawagin itong West Philippine Sea.

Okay sana 'yun, pero teka, may istoryang galing sa mga tao ni PBBM na sinabihan daw ang China na igalang (at marahil ay sang-ayunan) ang desisyon noong 2016 ng Permanent Court of Arbitration at The Hague, the Netherlands na pumapabor sa pag-angkin ng Pilipinas sa teritoryo na tinatawag nating West Philippine Se (WPS).

Tulad ng alam natin, daan-daang protest letter na ang ipinadala ng ating Department of Foreign Affairs (DFA) sa sinasabing pagkamkam ng China sa ating "teritoryo" at ang harassment sa mangingisdang Pinoy sa WPS.

Hindi lang China, maging ang US na kakampi raw natin sa pagtatanggol sa ating teritoryo, ay hindi kinikilala ang tawag na West Philippine Sea.

South China Sea (SCS) pa rin ang pagtukoy ng mga bansa sa teritoryong iyon ng dagat na ilang milya lang na katabi ng pasigan natin, at libo-libong milya naman ang layo nito sa China.

Tandaang hindi lang China ang umaangkin sa SCS o sige sa WPS kungdi pati ang Vietnam --na mas maraming kongkretong naval and military base kaysa China -- at Indonesia, Brunei at Malaysia.

Bakit China lang ang ating inaaway, bakit ang agresibong pagtatambak at pagtatayo ng instalasyong militar at naval ng Vietnam ay hindi ipinag-iingay ng mga "ayaw sa mga Intsik"?

May bisa ba sa international community ang desisyon ng The Hague?

Wala po, kasi itong PCA ay hindi bahagi ng United Nations at dahil dito, walang obligasyon ang UN na utusan ang China na respetuhin ang 'karapatan' ng Pilipinas sa SCS.

Isa pa,sa umpisa pa lang, sinabi ng China hindi sila sasali sa pagdinig ng PCA at anomang desisyon nito, hindi nito tatanggapin.

Kahit alam ito ni Noynoy, itinuloy pa rin ang arbitration na ginastusan ng bilyon-bilyong pisong ibinayad sa mga abogadong Amerikano -- na hindi naman kayang maipilit at mautusan ang China na sundin ang desisyon ng international arbitration court.

Magiging tunay at opisyal lamang ang arbitration kung sumali, pumayag ang China -- na noon pa ay kinontra at patuloy nitong kinonoktra ang desisyon ng PCA.

Nag-uudyok pa nga ng giyera ang tropa ni Noynoy na ipilit ang desisyon ng PCA na alam natin, tayo sa Asia ang may weakest military capabilities.

Umubo lang ang China, talsik na tayo, pero ang tropa nina dating Supreme Court Senior Justice Antonio Carpio, ex-DFA Ambassador Albert del Rosario at mga katropa nito, urot pa na urot, udyok pa nang udyok e ang kaya lang nating paputukin ay rebendator at utot laban sa nuclear weapons ng China.

Tama si PBBM, idaan sa maayos at diplomatikong paraan ang usapan sa SCS at hindi lang China ang kausapin kungdi pati ang iba pang claimants.

Ito rin ang nais ni Tatay Digong Duterte, mag-usap at pagkasunduan ang kilos, gawin, mga transaksiyon at iba pa -- nang walang pakikialam ang US.

Tama na seryosong pag-usapan na ang isyu ng SCS o West Philippine Sea sa opisyal na pagdalaw ni PBBM sa China at sana, maging maayos ang diplomasyang pag-uusap nila ni Chinese President Xi Jinping.

At sana, magkaroon na ng tunay na Code of Conduct sa teritoryong iyon, na kasali rin ang Vietnam, Indonesia, Malaysia at Brunei.


# BANTAY BALITA

NEWS PUBLISHING SERVICES

YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 7 | 10.00 | NOV. 14 - NOV. 20, 2022


## 8-year-old Bince is 6th Eastern Asia Youth Chess Champ

BINCE Rafael Operiano of Oas, Albay, won the 6th Eastern Asia Youth Chess Championship in Thailand, his father Benrose posted on Facebook.

Operiano, only eight years old, represented the Philippines in the international competition held November 4 to 13 was picked to compete after winning in the Boys Under 9 category of the National Youth and Schools Chess Championships Grand Finals held Sept.16 to 23 September in Zamboanga Del Norte.

Congratulations, Champ Bince!



## P251M halaga ng shabu nabitag

**ni LIZA FE BONETE –** Kumpiyansang titiba ng P251 milyon nakipagtransaksiyon sa isang nagpanggap na bibili ng shabu ang mag-asawang Datu Ali Dayo Sampulna, 38 at Almira Karao Sampulna, 30 na inarsto ng mga tauhan ng Philippine National Police Drug Enforcement Unit (PDEG), Sabado ng gabi, Nob. 12 sa Imus City.

Iniulat ni PDEG director, Police Brig. Gen. Narciso Domingo na matagal nang minamatyagan ang ilegal na kilos ng mag-asawang Sampulna na tanyag sa pagbebenta ng shabu sa Cavite at sa Cotabato City.

Ikinasa ang transaksyon ng pagbili

*Sundan sa p.7*

## Deputy Speaker Camille Villar named Government Hero of the Year



*Malasakit sa kapwa: Deputy Speaker Camille Villar*

**BANTAYBALITA –** For her outstanding community work during the pandemic Covid-19, Deputy Speaker and Las Piñas Rep. Camille Villar was named Government Hero of the Year by the Stevie Awards for Women in Business.

In accepting her award in a ceremony in Las Vegas, Nevada, last November 11, the only honor given her for her work against the pandemic.

" I am grateful to the board of judges for acknowledging the vaccine incentives program that we established called 'May Bahay sa Bakuna' to boost the vaccine uptake of our constituents in Las Piñas," Camille Villar said.

*See page 2*

## VIVA LA VIRHEN DE SOLEDAD DE PORTA VAGA!-

**LUKAS da SILVA –** Nakipagsaya si Cavite City Mayor Denver Reyes Chua sa taunang pagdiriwang sa siyudad ng Fiesta Dela Reina dela Porta Vaga na inuumpisahan tuwing ikalawang linggo ng Nobyembre na matatapos hanggang sa susunod na Linggo.

Maraming aktibidad sa pista ng Our Lady of Solitude of Porta Vaga na patron ng lungsod tulad ng karakol sa dagat at mga sayaw at iba pang pagpupugay sa patron.

Pinangunahan ang pagdiriwang ng bagong halal na alkalde -- na dala ang larawan ng patron, kasama ang ilang opisyal ng siyudad na ito na binubuo ng 84 na barangay.

Ipinanalangin ng mga deboto na sa bagong pamunuan ng siyudad, mangyaring maitaas ang kalidad ng pamumuhay ng mga residente rito, maitaguyod ang maraming trabaho at mapalakas ang negosyo.

Kasama si Vice Mayor Raleigh Rusit, at mga konsehal ng Sangguniang Lungsod -- Nas Aguas, Edmund Tirona, Renan 'Kap' Montoya, Marian Pinzon, Jun Novero, Doods Nuguid, Jet Barrera, Marc 'Kap' Serrano at Mark Amparo -- maraming mamamayan na sa susunod na mahigit dalawang taon ng bagong pamunuan, maiaangat sa ikatlo, ikalawa at unang kategorya ang Siyudad ng Cavite.

